



Social Security

Mga Benepisiyo Para sa Survivors (Nabiyudo/Nabiyuda at Na-ulila)

www.socialsecurity.gov

Ano ang nasa loob

Makipag-ugnay sa Social Security 3

Kung kayo ay nagtatrabaho...ano ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyo ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila)..... 4

Kapag may namatay na kamag-anak...ano ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyo ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila). 8



Makipag-ugnay sa Social Security

Bisitahin ang aming website

Sa aming website www.socialsecurity.gov, maaaring:

- Gumawa ng **my Social Security** account upang makita ang inyong Social Security Statement, kumpirmihin ang inyong mga kita, mag-print ng benefit verification letter (liham na nagbeberipika ng mga benepisyo), baguhin ang impormasyon para sa tuwirang pagdeposito ng inyong mga benepisyo (direct deposit information), humingi ng kapalit na Medicare card, humingi ng kapalit na 1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Karagdagang Tulong sa pagbayad ng mga gastos sa inyong Medicare prescription drug plan;
- Mag-apply para sa mga benepisyo sa pagreretiro, pagkabaldado at mga benepisyonang Medicare;
- Hanapin ang address ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga lathala; at
- Alamin ang mga sagot sa madalas tinatanong o frequently asked questions.

Ang iilan sa mga serbisyong ito ay makukuha lamang sa Ingles.

Tawagan ang aming lib्रेng numero

Bukod sa paggamit ng aming website, maaari ninyo kaming tawagan nang libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing naming kompidensyal ang lahat ng mga tawag. Kung ang inyong wika ay Kastila, pindutin ang numero 2. Para sa lahat ng ibang wika, pindutin ang numero 1, manatili sa linya at mamalaging tahimik habang ang boses na Ingles ay awtomatikong nag-uudyok hanggang sumagot ang isang representante. Kokontak ang representante ng isang tagapagsalin na makatutulong sa inyong tawag. Ang mga serbisyo sa pagsasalin ay nakukuhang libre. Makasagot kami sa partikular na mga katanungan mula 7 n.u. hanggang 7 n.g., Lunes hanggang Biyernes. Karaniwan, mas maikli ang paghihintay ninyo kung kayo ay tatawag pagkaraan ng Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyo ng telepono 24 oras bawat araw. Kung kayo ay bingi o hirap sa pagdinig, maari kayong tumawag sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**.

Nais din naming makasiguro na makatatanggap kayo ng wasto at magalang na serbisyo. Iyan ang dahilan kung kaya mino-monitor ng pangalawang representante ng Social Security ang iilang mga tawag sa telepono.

Ang kawalan ng kumikita ng pera sa pamilya ay maaaring makapinsala sa parehong damdamin at pananalapi. Ang Social Security ay tumutulong sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga kita para sa mga pamilya ng mga manggagawa na namamatay. Sa katotohanan, 98 ng bawat 100 mga bata ang maaaring makatanggap ng mga benepisyo kung namatay ang nagtatrabahong magulang. At ang Social Security ay nagbabayad ng mas maraming mga benepisyo sa mga bata kaysa sa ibang mga pederal na programa.

Ang libritong ito ay nagbibigay sa inyo ng malawakang pananaw ng mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng Social Security na binabayaran sa mga asawa at anak ng mga manggagawa na namamatay. Ang libritong ito ay hindi nilalayan na sagutin ang lahat ng mga tanong na mayroon kayo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila), bumisita sa aming website, o tumawag sa aming walang bayad na toll na numero.

Kung kayo ay nagtatrabaho...ano ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyo ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila).

Ang “Life Insurance” mula sa Social Security

Maraming nag-iisip na ang Social Security ay isang programa lang sa pagreretiro. Ngunit ang ilan sa mga buwis ng Social Security ay napupunta sa mga benepisyo ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) para sa mga manggagawa at kanilang mga pamilya. Sa katotohanan, ang halaga ng mga benepisyo ng mga survivor na mayroon kayo sa ilalim ng Social Security ay marahil na higit pa sa halaga ng indibiduwal na life insurance.

Kapag namatay kayo, ang ilang mga miyembro ng inyong pamilya ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila). Kabilang sa mga ito ang mga biyuda, biyudo (at mga diborsyadong biyudo at biyuda), mga bata at mga umaasang magulang.

Paano ako kikita ng mga benepisyo mula sa mga survivor?

Habang kayo ay nagtatrabaho at nagbabayad ng mga buwis sa Social Security, kayo ay kumikita ng “credits” patungo sa inyong mga benepisyo ng Social Security. Ang bilang ng taon na kailangan ninyong magtrabaho para maging karapat-dapat ang inyong pamilya para sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng Social Security ay depende sa inyong edad kapag kayo ay namatay. Mas bata kayo, mas kaunti ang taon na kailangan ninyong magtrabaho. Pero walang may kailangan ng higit sa 10 taon ng trabaho para maging karapat-dapat para sa anumang benepisyo ng Social Security.

Sa ilalim ng espesyal na tuntunin, kung kayo ay nagtrabaho ng isa at kalahating taon lang sa loob ng tatlong taon bago ang inyong kamatayan, maaari naming bayaran ang mga benepisyo sa inyong mga anak at inyong asawa na nag-aalaga para sa mga bata.

Sino ang maaaring tumanggap ng mga benepisyo para sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) batay sa inyong trabaho?

- **Ang inyong biyuda o biyudo** ay maaaring makakuha ng kumpletong mga benepisyo sa ganap na edad para makapag-retiro. Ang ganap na edad para makapag-retiro para sa mga survivor na may edad na 66 taong gulang para sa mga taong ipinanganak sa taong 1945-1956 at dahan-dahan na tataas para sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1962 o mas matagal pa. Ang inyong biyuda o biyudo ay maaaring makatanggap ng binawasang mga benepisiyo hanggang kasing aga ng edad na 60 taong gulang. Kung ang inyong natitirang buhay na asawa ay may kapansanan, ang mga benepisyo ay maaaring magsimula kasing aga pa lang ng edad na 50 taong gulang. Para sa karagdagang impormasyon sa mga biyudo, biyuda, at iba pang mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila), bumisita sa www.socialsecurity.gov/survivorplan.
- **Ang inyong biyudo o biyuda** ay makakatanggap ng mga benepisyo sa anumang edad kung inalagaan nila ang inyong anak na tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security, at mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan.

- **Ang inyong di kasal na mga anak**, na mas bata kaysa sa edad na 18 (o hanggang 19 kung sila ay pumapasok sa elementary o secondary na paaralan ng full time), ay makakatanggap rin ng mga benepisyo. Ang inyong mga anak ay makakatanggap ng mga benepisyo sa anumang edad kung sila ay may kapansanan bago ang edad na 22 at nananatiling may kapansanan. Sa ilalim ng ilang mga situwasyon, maaari rin naming bayaran ang inyong mga benepisyo sa inyong **mga anak ng asawa sa naunang asawa (stepchild), mga apo, mga apo ng asawa sa naunang asawa, o mga inampon na bata.**

TALA: *Ang mga batang may kapansanan na ang mga magulang ay may limitadong kita at pinagkukuhanan ng kita ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Supplemental Security Income. Para sa karagdagang impormasyon basahin ang publikasyon Benefits For Children With Disabilities o Mga Benepisyo para sa Mga Bata na May Mga Kapansanan (Publication No. 05-10026).*

- **Ang inyong mga umaasang magulang** ay makakatanggap ng mga benepisyo kung sila ay may edad na 62 o mas matanda pa. (Para maging kuwalipikado ang inyong mga magulang bilang mga dependent, kailangan ninyong magkaloob ng kahit man lang kalahati ng kanilang sustento.)

Mga Benepisyo para sa mga naiwang asawa ng diborsyado

Kung kayo ay diborsyado, ang inyong dating asawa na may edad na 60 taong gulang o mas matanda (50-59 kung may kapansanan) ay makakatanggap ng mga benepisyo kung ang inyong kasal ay tumagal ng kahit man lang 10 taon. Ang inyong dating asawa, gayunman, ay hindi kinakailangang makatugon sa tuntunin ng edad o tagal ng kasal kung siya ay nag-aalaga sa inyong anak, na mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan, at may karapatan batay sa inyong rekord. Ang bata ay dapat ang likas o legal na inampon na bata ng inyong dating asawa.

Ang mga benepisyong binayad sa inyo bilang isang natitirang diborsyadong asawa ay hind makaka-apekto sa mga halaga ng benepisyo para sa iba pang mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) na tumatanggap ng mga benepisyo na nasa rekord ng manggagawa. Gayunman, kung kayo ay ang natitirang diborsiyadang ina o ama ng anak ng manggagawa na mas bata sa edad na 16 taong

gulang o may kapansanan sa inyong pangangalaga, ang inyong benepisyong ay maaaring maka-apekto sa mga benepisyong iba na nasa rekord.

Isang beses na pagbabayad sanhi ng kamatayan

Kami ay nagsasagawa ng isang beses lang na pagbabayad na nagkakahalagang \$255 kapag kayo ay namatay kung sapat ang inyong pagtatrabaho. Mababayaran lang namin ang benepisyong ito sa inyong asawa o anak kung sila ay nakakatugon sa ilang mga kahilingan. Ang mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ay kailangang mag-apply para sa kabayaran na ito sa loob ng dalawang taon nang petsa ng kamatayan.

Magkano ang mga benepisyong?

Ang halaga ng matatanggap ng inyong pamilya mula sa Social Security ay depende sa inyong average na kinikita sa habang buhay. Mas marami kayong kinita, mas marami ang kanilang magiging benepisyong.

Tingnan ang inyong *Social Security Statement* para makita ang isang pagtatantiya ng mga benepisyong sa mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) na maaaring naming bayaran. Ipinapakita rin ang isang pagtatantiya ng inyong mga benepisyong sa pagreretiro at kapansanan, at nagkaloob ng iba pang mahahalagang mga impormasyon. Lumikha ng isang **my Social Security** na account online para mabalikan ang inyong *Statement*.

Online **my Social Security** account

- Madali na ninyong mase-setup ang isang ligtas na online na **my Social Security** account. Pinapahintulutan nitong ma-access ang inyong *Pahayag ng Social Security* para matiyak ang inyong mga kinita at makuha ang mga pagtatantiya sa inyong benepisyong. Maaari rin ninyong gamitin ang online na **my Social Security** account para humiling ng kapalit na number card ng Social Security (handang makuha sa ilang mga estado at sa Distrito ng Columbia).

Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyong, maaari rin ninyong:

- Kunin ang inyong liham ng beripikasyon sa benepisyong;
- Baguhin ang inyong address at numero ng telepono;
- Humiling ng kapalit na Medicare card;

- Humiling ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa panahon ng pagsasampa ng buwis; o
- Simulan o baguhin ang inyong direktang pagde-deposito.

Maaari kayong lumikha ng isang bagong **my Social Security** account kung kayo ay may edad na 18 o mas matanda, may numero ng Social Security, at balidong email at U.S. mail na mga address. Para lumikha ng isang account, magpunta sa **www.socialsecurity.gov/myaccount**. Kailangan ninyong magkaloob ng kaunting personal na impormasyon para kumpirmahin ang inyong pagkakakilanlan, at hihilingin sa inyong pumili ng isang username at password.

Kapag may namatay na kamag-anak...ano ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyong mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila).

Paano ako mag-a-apply para sa mga benepisyong

Kung kasalukuyang kayong nakakatanggap ng mga benepisyong mula sa Social Security

Dapat kayong mag-apply para sa mga benepisyong survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) kaagad dahil, sa ilang mga kaso, magbabayad kami ng mga benepisyong mula sa panahon na kayo ay nag-apply at hindi mula sa oras na namatay ang manggagawa.

Maaari kayong mag-apply sa pamamagitan ng telepono o sa alinmang tanggapan ng Social Security. Kakailanganin namin ang ilang mga impormasyon, ngunit huwag maantala sa pag-a-apply kung hindi ninyo alam ang lahat. Tutulungan namin kayong makuha ang mga kailangan ninyo. Kailangan namin ng mga orihinal na dokumento o mga kopya na sertipiko ng nagpalabas na ahensya.

Kabilang sa impormasyon na kailangan namin ang:

- Katunayan ng kamatayan—mula man sa punerarya o isang katibayan ng pagkamatay (death certificate);
- Ang inyong numero sa Social Security, at ang SSN ng namatay na manggagawa;

- Ang inyong birth certificate;
- Ang inyong marriage certificate, kung kayo ay isang biyuda o biyudo;
- Ang inyong mga dokumento hinggil sa diborsyo, kung kayo ay nag-a-apply bilang isang biyuda o biyudo;
- Ang mga numero sa Social Security ng mga umaasang anak, kung mayroon man, at mga birth certificate;
- Ang mga W-2 form ng namatay na manggagawa o pederal na self-employment tax return o tax return para sa sariling negosyo para sa pinakahuling taon; at
- Ang pangalan ng inyong bangko at numero ng account sa bangko para direktang madeposito sa inyong account ang mga benepisyo.

KKung kasalukuyang kayong nakakatanggap na kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security

Kung nakakatanggap na kayo ng mga benepisyo bilang asawa batay sa trabaho ng inyong asawa, babaguhin namin ang inyong mga kabayaran sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) kapag inulat ninyo sa amin ang pagkamatay. Kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon, makikipag-ugnayan kami sa inyo.

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa inyong sariling trabaho, tumawag o bumisita sa amin. Titingnan namin kung mas malaki ang inyong matatanggap na pera bilang isang biyudo o biyuda. Kung gayon, makakatanggap kayo ng kombinasyon ng mga benepisyo na katumbas ng mas mataas na halaga. Kailangan ninyong kumpilahan ang isang application para lumipat sa mga benepisyo ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila). Kakailanganin rin naming makita ang death certificate ng inyong asawa.

Magkano ang aking matatanggap?

Binabatay namin ang halaga ng benepisyo sa mga kita ng isang taong namatay. Mas malaki ang nabayaran ng manggagawa sa Social Security, ang malaki ang magiging benepisyo.

Ang Social Security ay gumagamit ng basic na halaga ng benepisyo ng namatay na manggagawa para kuwentahin ang porsiyentong makukuha ng mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila). Ang porsiyento ay depende sa edad at ugnayan sa

manggagawa. Kung ang manggagawa na namatay ay tumatanggap ng mga binawasang benepisyo, ibabatay namin ang benepisyo ng manggagawa sa halagang iyon. Sa pinakakaraniwang mga claim (paghahabol) ng mga benepisyo:

- Ang isang biyudo o biyuda, sa ganap na edad para makapag-retiro o mas matanda pa, ay karaniwang nakakatanggap ng 100 porsiyento ng basic na halaga ng benepisyo ng manggagawa;
- Ang isang biyudo o biyuda, na may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa, ngunit nasa ilalim ng ganap na edad para makapag-retiro, ay nakakatanggap ng 71-99 porsiyento ng basic na halaga ng benepisyo ng manggagawa; o
- Ang isang biyudo o biyuda, sa anumang edad, na may anak na mas bata sa 16 taong gulang, ay makakatanggap ng 75 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng manggagawa;
- Ang isang bata ay makakatanggap ng 75 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng manggagawa.

Maximum na mga benepisyo ng pamilya

May limitasyon sa mga benepisyo na maibabayad namin sa inyo at sa iba pang mga miyembro ng pamilya kada buwan. Ang limitasyon na ito ay nag-iiba sa pagitan ng 150 at 180 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng namatay na manggagawa.

Mga pension sa trabaho na hindi saklaw ng Social Security

Kung kayo ay makatanggap ng pension mula sa trabaho kung saan kayo nagbayad ng mga buwis sa Social Security, ang pension na iyon ay hindi makaka-apekto sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security. Gayunman, kung makatanggap kayo ng pension mula sa trabaho na hindi sakop ng Social Security—halimbawa, ang federal civil service, ang ilang mga trabaho sa pang-estado o lokal na pamahalaan, o trabaho sa ibang bansa—maaari naming bawasan ang inyong benepisyo sa Social Security.

Para sa karagdagang impormasyon, basain ang *Government Pension Offset o Pagkompensa sa Pension ng Gobyerno* (Publication No. 05-10007), para sa mga empleyado ng gobyerno na maaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Social Security batay sa rekord ng kinita ng isang asawa. *Basahin ang Windfall Elimination Provision o Prohibyon ng Pagtatanggal ng Mga Mapapakinabangan na Benepisyo*

(Publication No. 05-10045), para sa mga taong nagtrabaho sa ibang bansa, o mga empleyado ng gobyerno na karapat-dapat rin para sa sarili nilang mga benepisyo mula sa Social Security.

Paano kung ako ay nagtatrabaho?

Kung kayo ay nagtatrabaho habang nakakatanggap ng mga benepisyo sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) mula sa Social Security at mas bata sa ganap na edad para makapag-retiro, maaari naming bawasan ang inyong mga benepisyo kung ang inyong mga kinita ay humigit sa ilang mga limitasyon. (Ang ganap na edad para makapag-retiro para sa mga survivor na may edad na 66 taong gulang para sa mga taong ipinanganak sa taong 1945-1956 at dahan-dahan na tataas para sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1962 o mas matagal pa.) Para malaman kung ano ang mga limitasyon ngayong taon at kung paano mababawasan ng mga limitasyong iyon ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security, basahin ang *How Work Affects Your Benefits o Paano Nakaka-apekto ang Trabaho sa Inyong Mga Benepisyo* (Publication No. 05-10069).

Walang mga limitasyon sa kita sa simula ng buwan na naabot na ninyo ang ganap na edad para makapag-retiro.

At, ang inyong mga kinita ay magpapabawa **lang** sa inyong mga benepisyo, hindi sa mga benepisyo ng iba pang mga miyembro ng pamilya.

Paano kung mag-asawa ako muli?

Karaniwan, hindi ninyo matatanggap ang mga benepisyo ng biyudo o biyuda kung kayo ay magpakasal muli bago ang edad na 60 taong gulang. Ngunit ang pagpapakasal makalipas ang edad na 60 (o edad na 50 taong gulang kung kayo ay may kapansanan) ay hindi makakapigil sa inyo mula sa pagtatanggap ng mga pagbabayad sa benepisyo na batay sa **dating** trabaho ng inyong asawa. At sa edad na 62 taong gulang, maaari kayong makakuha ng mga benepisyo mula sa trabaho ng inyong bagong asawa, kung ang mga benepisyong iyon ay mas mataas.

Karapatan na mag-apela

Kung kayo ay di sumasang-ayon sa isang naging desisyon sa inyong claim, maaari kayong mag-apela. Para sa pagpapaliwanag tungkol sa mga hakbang na magagawa ninyo, basahin ang The Appeals Process o Ang Proseso ng Pag-apela (*Publication No. 05-10041*).

Maaari ninyong pangasiwaan ang sarili ninyong apela gamit ang libreng tulong ng Social Security, o maaari ninyong piliin na tulungan kayo ng isang kinatawan. Maaari namin kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na makakatulong sa inyong makahanap ng kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon sa pagpili ng isang kinatawan, basahin ang *Your Right to Representation o Ang Inyong Karapatan sa Representasyon* (Publication No. 05-10075).

www.socialsecurity.gov



Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10084-TL
Survivors Benefits (Tagalog)
June 2016

*Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito*